CHA-CHA ni GLORIA, IBASURA!

Petisyon ng mga Manggagawa at Mamamayan
Laban sa Charter Change ni Gloria

Kami, mga manggagawa at mamamayang Pilipino, ay naritong lumalagda at nagkakaisa para igiit: “Cha-Cha ni Gloria, ibasura!”

Cha-Cha = Pagbebenta sa Pilipinas. Papayagan ng Cha-Cha ang mga dayuhan na magkaroon ng 100% pag-aari ng mga lupaing residensyal, komersyal at industriyal sa bansa. Lalo nitong ibubukas sa kanila ang pagsamantala sa mga yamang likas ng Pilipinas. Papahintulutan nito silang magmay-ari ng mga pampublikong utilidad tulad ng kumpanya sa tubig, kuryente at telekomunikasyon.

Cha-Cha = Buong Bansa, Base-Militar. Tatanggalin ng Cha-Cha ang mga restriksyon sa pagpasok ng mga dayuhang tropang militar, armas pandigma at maging armas-nukleyar. Papadaliin nito ang pagpasok ng gobyerno sa mga kasunduang pangmilitar na maglalagay sa panganib ng buhay at kabuhayan ng mga Pilipino.

Cha-Cha = Paghahari ni Gloria Lampas 2010. Maraming kasalanan si Gloria sa bayan: pandaraya sa eleksyon, katiwalian, pagtatago ng katotohanan, panunupil at paglabag sa karapatang pantao. Dahil dito, at sa galit ng mga mamamayan, gusto niyang hindi makasuhan kahit pagkatapos ng termino niya. Sa pamamagitan ng Cha-Cha, pagpalit ng sistema ng gobyerno at pagiging punong ministro, gusto niyang manatili sa kapangyarihan kahit tapos na ang termino niya.

Cha-Cha = Instant Batas Militar para sa Gobyerno. Aalisin ng Cha-Cha ang mahahalagang karapatan ng mga mamamayan. Gagawin nitong mas madali sa pangulo na mag-imbento ng dahilan para magdeklara ng batas militar at suspendihin ang mga karapatan. Aalisin nito ang kapangyarihan ng Kongreso at Korte Suprema na baligtarin ang pagdedeklara ng isang presidente ng batas militar.

Cha-Cha = Mamamayang Iskwater sa Sariling Bayan, Naghihirap, Supil ang Karapatan, Alipin ng mga Dayuhan, Walang Dignidad.

Tumututol kami sa Cha-Cha na itong naglilingkod kay Gloria, sa iilan at dayuhan. Hindi kami makakapayag na baguhin ang Konstitusyon ni Gloria at ng mga alagad at katulad niya dahil tiyak na gagawin nila itong mas masama para sa bayan, hindi mas mabuti.

CHA-CHA ni GLORIA, IBASURA!!!

ANAKPAWIS

KILUSANG MAYO UNO

CHA-CHA NI GLORIA, IBASURA!!!
Petisyon ng mga Manggagawa at Mamamayan Laban sa Charter Change ni Gloria

ANAKPAWIS

Pangalan	Telepono / Tirahan	Lagda

Kilusang Mayo Uno (KMU) ★ ANAKPAWIS Party-list